PANTUKOY

Ano ang pantukoy?

Ang **pantukoy** ay ang katagang ginamit sa pagpapakilala sa pangngalan. Ito ay tinatawag na ***article*** sa wikang Ingles.

Dalawang Uri ng Pantukoy:

1. **Pantukoy na Pambalana**

Ito ay tumutukoy sa pangngalang pambalana tulad ng "**ang**" at "**ang mga**."

Halimbawa: Ang mga prutas na dala ni Lola ay matamis.

2. **Pantukoy na Pantangi**

Ito ay tumutukoy sa pangngalang pantangi o tiyak na ngalan.
Ito ay ang **si,sina,ni nina kay,kina**.
Halimbawa:

Si Luis ay nagtatanim ng halaman.
Handa na ang dami **nina** Jose at Luis para sa Linggo.

Ang "ang," "si," ni" at "kay" ay ang mga pantukoy na ginamit kung ang tinutukoy nito ay pang-isahan.
Ang "ang mga," "sina," nina" at "kina" ay ang mga pantukoy na ginamit kung ang simuno ay pangmaramihan.